# *Pag-uuri*

## Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa pangkaisipan at emosyonal na pag-unlad.

### Mga Daapat Itanong:

- Bakit mo pinagbukod-bukod ang mga bagay na ito sa ganitong paraan?
- Ano ang pagkakatulad ng mga bagay na ito? Paano sila naging magkakaiba?
- May iba pa bang paraan para mapagbukod-bukod mo ang mga bagay na ito? Puwede mo bang ipakita sa akin?

| | | |
|---|---|---|
| **Pagbukod-bukurin Ito:** Ilagay ang kagamitan sa pagkain sa isang tumpok; hilingin sa inyong anak na pagsama-samahin ang magkakatulad; pagsama-samahin ang mga kutsara, tinidor, atbp. | **Tiklupin Ito at Isalansan:** Kapag nagtitiklop ng labada, hilingin sa inyong anak na isalansan ang mga damit sa magkakaparehong tumpok...magkakasama ang mga medyas, magkakasama ang mga kamiseta, magkakasama ang mga pantalon, atbp. | **Kolektahin Ito at Pagbukod-bukurin:** Mangolekta ng mga dahon, bato, o patpat sa labas. Sabihin sa inyong anak na pagbukod-bukurin ang mga ito sa mga tumpok na may magkakatulad na katangian, halimbawa mga bagay na tumutubo sa puno, mga bagay na may talulot, mga bagay na kulay berde, atbp.<br><br>Kapag napagbukod-bukod na niya ang mga ito, sabihin sa kaniya na pagbukod-bukurin ulit ang mga ito sa iba pang paraan. |
| **Pagbukod-bukurin Ito at Ilagay sa Lalagyan:** Sabihin sa inyong anak na pagbukod-bukurin ang mga pinamili ayon sa kung saan ito dapat mapunta (refrigerator, paminggalan, o freezer). Itanong sa kaniya kung may | **Pagbukod-bukurin Ito at Ayusin:** Sabihin sa inyong anak na pagbukod-bukurin ayon sa kulay o haba ang mga krayola, panulat, at lapis na pangkulay. | **Pagbukod-bukurin Ito at Iligpit:** Sa susunod na kailangang ligpitin ng inyong anak ang mga laruan, hilingin sa kaniya na simulang itago ang mga laruang may espesipikong katangian gaya ng kulay at sukat, pagkatapos ay ang mga |

| | | |
|---|---|---|
| nakikita ba siyang magkakatulad na bagay? | | bagay na may partikular na uri o may espesipikong nagagawa (gaya ng mga laruang nakakagawa ng ingay, puwedeng yakapin, isalansan, o pagulungin). |